Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran


# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 4, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado




## Nasa Loob

19 na proyekto ipatutupad, P18.9 milyong nakalaan p2
Blood bank ref, dumating na p2
Bagong Provincial Legal Officer Hinirang p2
Executive Agenda, inilahad sa SP p3
Mensahe ni Bise Gob. Pimentel, sa Inaugural Session p3
Mensahe ni Gob.Tallado sa Inaugural Session p4
Kapansanan hindi hadlang p4
Mga Larawan p5
APTC inihahanda na! p6
Spelling Bee, matagumpay p6
Childrens' Library Corner binuksan p6
Kikilalanin, Best Reforestation Program p7
CNorte 4-H members nanalo sa National Contest p7
Balatan, binabantayan p7

# Agri-Pinoy Trading Center at Farm School, sisimulan na

Ika-9 ng Hulyo sa ika-50 kaarawan ni Gob. Edgardo A. Tallado, isinagawa ang *ground breaking ceremony* ng dalawang (2 ) pangunahin niyang proyekto sa kanyang ikalawang termino: ito ang *Agri-Pinoy Trading Center* at *Farm School* na itatayo sa Mat-i, Sto. Domingo, Vinzons.

Dumating si *Undersecretary* Jose Zaleta Grageda ng *Department of Agrarian Reform (DAR)*, bilang panauhing pandangal sa nasabing gawain. Napag-alaman na si Usec Grageda ay tubong Camarines Norte at nag-aral sa Daet Elementary School.

Naroon din sina G. Hernan Ongkiko mula sa *Municipal Development Fund Office ng Department of Finance* at siyang *Deputy Project Director* ng *Agrarian Reform Community Project* 2 o ARCP2, G. Rene Remanes mula naman sa *Agri-Business Marketing Assistance Service* ng *Department of Agriculture*, Maria Celestina Manlangit–Tam- *DAR Reg'l. Dir.*

Sa masigasig na pakikipag-ugnayan ni Gob. Tallado ay humingi siya ng pondong P34.85 milyon sa Department of Agriculture para sa konstruksyon ng APTC.

Bilang "counterpart"



**Kauna-unahang Bagsakan Center sa Bikol**– Isasagawa ang kontruksyon sa loob ng 6-7 buwan ng pasilidad na ito na pagdadalhan ng produkto ang mga magsasaka at mangingisda.

ay maglalaan ang pamahalaang panlalawigan ng P 9.3 milyon. Nakatakda na ang bidding ng APTC at ang target completion ng gusali ay sa Enero 2014.

Samantala, ang pondo para sa pagtatayo ng *farm school* ay nakapanukalang mapondohan sa ilalim ng *Performance Based Grant System (PBGS)*. Makakatanggap ang pamahalaang panlalawigan ng *cash grant* dahil sa mahusay na implementasyon ng mga ARCP2 projects sa Camarines Norte.

Sa mensahe ng punong lalawigan, sinabi niyang kauna-

*(Sundan sa pahina 6)*

# Inaugural session ng SP, puno ng mensahe ng pakikiisa

Ika-1 ng Hulyo, 2013 sa ganap na ika-siyam ng umaga sa Session Hall, Provincial Capitol ay idinaos ang *Inaugural Session* ng bagong pamunuan ng Sangguniang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna ng muling inihalal na Bise Gobernador Jonah Pedro G. Pimentel bilang *Presiding Officer* o Tagapangulo.

Bilang hudyat ng pagsisimula ng sesyon ay ipinukpok ng tagapangulo ng sanggunian Bise Gob. Pimentel ang *gavel* bilang *call to order*, sinundan agad ito ng pag-awit ng Lupang Hinirang at Martsa Hilagang Camarines at pagtawag sa presensiya *(roll call)* ng bawat miyembro ng Sanggunian. Matapos ito ay ipinakita ang *Certificate of Canvass of Votes* na nakuha ng bawat nagwaging kasapi ng SP at ang pagpapabatid na sila ay naiproklama na ng Provincial Board of Canvassers. Sinundan ito ng pagtatalaga ng temporary floor leader na si Board Member Pamela Pardo para sa pagpapadaloy ng sesyon sa araw na ito.

Isa-isang nagpahayag ng kani-kaniyang inaugural speech ang mga bagong halal na sangguniang panlalawigan member.

Iba't-iba ang istilo ng bawat isa sa kanilang mensahe na limitado lamang sa 5 minuto ang bawat isa. Mayroong seryoso, mayroong sumisingit ng pagbibiro, mayroong tama sa ibinigay na time limit at mayroong lumagpas. Ngunit ang mahalaga ay ang mensahe ng pasasalamat ng bawat isa sa pagtitiwala sa kanila na maging boses ng mamamayan ng Camarines Norte sa sangguniang panlalawigan. Higit na mas mahalaga ay ang kanilang pangako na maglilingkod ng mahusay at makikiisa sa mga proyekto at gawain

*(Sundan sa pahina 2)*



**1ST DAY HIGH**—Ang unang sesyon sa 2013-2016 termino ng Kagalang-galang na Sangguniang Panlalawigan na nagbigay daan sa paglalahad ng Executive Agenda ni Gob. Edgardo A. Tallado. Sa unang araw ng public office ay damang-dama ang tayog ng hangaring maglingkod ng mahusay na ipinahayag sa kani-kaniyang mensahe.

# 19 na proyekto ipatutupad, may P18.9 milyong nakalaan

Maaari nang ipatupad ang 19 proyektong binigyan prayoridad ni Gobernador Edgardo A. Tallado matapos mapagtibay ang *3rd Supplemental Development Plan* ng Lalawigan ng Camarines Norte para sa *CY 2013* sa bisa ng Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 143-2013 noong Hunyo 20, 2013.

Nakapaloob sa *3rd Supplemental Development Plan* ang P18. 9 milyon pondong inilaan para sa 19 na proyekto bilang katugunan sa kahilingan ng mga barangay. Samantala ang ibang kalsada ay nakita ng gobernador ang sirang kalagayan kaya nagbigay kautusan siya na maayos ang mga ito.

Ang 9 na proyekto ay nakapaloob sa *Economic Services Sector* at may kaakibat na pondo:

*Agri-Machineries/ Farm to Market Roads Development Program* - Brgy. Maulawin-San Lorenzo-Basiad, Sta. Elena - P1.2 milyon *(Counterpart fund to DA Project)*;

Rehabilitasyon ng *Communal Irrigation Project*, Brgy. Cabuluan, Sta. Elena – P1 milyon;

Rehabilitasyon ng *footbridge* ng Brgy. Mambalite, Daet – P200 libo (*Engineering Services)*

*Farm to market road (FMR) projects/Road improvement ng* Brgy. Gumaus, Paracale – P2.8 milyon; J. Defeo St., Brgy. North Poblacion, Jose Panganiban – P365 libo; Brgy. Dalas, Labo – P800 libo; Brgy. Malaguit, Paracale – P2 milyon at Brgy. Palanas sa Paracale-P1 milyon at

Brgy. San Isidro-San Ramon-Manlimonsito, Salvacion-San Ramon-Manlimonsito-Salvacion-San Antonio sa bayan ng San Lorenzo Ruiz – P3.25 milyon.

Sa ilalim ng *Social Services Sector (Social Welfare),* mayroong 10 proyekto na pawang konstruksyon ng *Covered Court/Multi-Purpose Hall (MPH). Ito ay isasagawa sa* 9 na barangay sa 5 bayan ng lalawigan:

- Brgy. Itok, Capalonga - *Phase II*, P550,000.00;
- Brgy. Alawihao, Daet - P1,900,000.00 at
- Brgy. Cobangbang, Daet *(Phase I)* – P665,000.00;
- Brgy. South Poblacion, Jose Panganiban *(Phase II)* – P750,000.00;
- Brgy. Colasi, Mercedes – P200,000.00;
- Brgy. Hinipaan, Mercedes – P1000,000.00;
- Brgy. Manguisoc, Mercedes - P800,000.00;
- Brgy. Masalong-salong, Mercedes – P100,000.00;
- Brgy. Matoog-toog, Vinzons – P100,000.00, at
- Brgy. I , Vinzons – P1,200,000.00.

Mula sa *20% development fund* ng pamahalaang panlalawigan ang pondo sa mga nasabing proyekto na ipatutupad sa pamamagitan ng Tanggapan ng Panlalawigang Inhenyero. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO/JAC***

# Blood bank ref, dumating na

Dumating na ang *blood bank refrigerator* na binili ng pamahalaang panlalawigan para sa Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)

Parating na rin ang *x-ray machine* at iba pang *medical equipment*. May laan na ding pambili ng *computed tomography scanning machine (CT Scan)* ngunit kailangan pa ng karagdagan dahil sa kamahalan ng presyo nito.

Ayon kay Gob. Edgardo A. Tallado, idinulog niya kay Pangulong Noynoy Aquino ang kahilingang P100 milyon para sa iba pang kinakailangang *medical equipment,* noong nagtungo siya sa Palasyo Malakanyang noong Hunyo 13 para manumpa sa tungkulin ng mga nanalong gobernador sa ilalim ng *Liberal Party (LP)*. Sakali, ilalaan niya ang P60 milyon sa CNPH, P25 milyon sa Labo District Hospital at P15 milyon sa Capalonga Community Hospital, sabi pa ng gobernador.

Nitong Hunyo 20, 2013 ay pinagtibay ng dating pamunuan ng Sangguniang Panlalawigan (SP) sa pangunguna ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang Resolusyon Blg. 145-2013 na nagbibigay ng awtoridad kay Gob. Tallado para sa pagbili ng mga kagamitang medikal na may pondong P5,000,000.00 na bahagi ng may P50,000,000.00 na *Omnibus Loan Facility* na nakuha ng pamahalaang panlalawigan mula sa *Land Bank of the Philippines (LBP)* kung saan ang P45,000,000.00 ay ginugol sa pagtatayo ng mga bagong gusali at pagsasaayos ng mga istruktura ng *CNPH*.

Patuloy na pinagtutuunan ng pansin ng gobernador ang pagsasaayos ng mga pasilidad at rehabilitasyon ng gusali ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* pati na ang pagbili ng mga makabagong *medical equipment*.

May mga bagong gusali at pasilidad na rin ang *Labo District Hospital* at *Capalonga Community Hospital* pati na mga makabagong *medical equipment and supplies* at ilang karagdagang *hospital staff*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Bagong Provincial Legal Officer, hinirang


May bagong Provincial Legal Officer ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte (PGCN) sa katauhan ni Atty. Adan Marcelo B. Botor.

Itinalaga siya ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang PLO noong ika-1 ng Hulyo, 2013.

Ang kanyang pagkakahirang ay kumpirmado na rin ng Sangguniang Panlalawigan sa bisa ng Resolution 168.

Si Atty. Botor ay mahigit isang taon nang naglalagi dito sa Camarines Norte bilang pribadong *legal consultant* ng gobernador.

Siya ay ika-20 sa mga nakapasa sa *Bar*



*Exam* noong 1985. Nagtapos siya ng *Bachelor of Law* sa University of Nueva Caceres sa Naga City. Isinilang siya sa Baao, Camarines Sur.

Pinalitan niya si Atty. Sim Mata na nagbitiw sa tungkulin noong June 30,2010.

Ang unang direktiba sa kanya ni Gob. Edgardo A. Tallado ay ang asikasuhin ang *expropriation* ng lote sa Mat-i , Sto. Domingo, Vinzons na pagtatayuan ng Agri-Pinoy Trading Center, Farm School at Pabahay sa mga kawani ng gobyerno. ***JAC***

# Inaugural session...

*(Mula sa pahina 1)*

para sa kaunlaran ng lalawigan.

Matapos ang mensahe ng mga SP Members, si BISE GOB. PIMENTEL ang sunod na na nagbigay ng kanyang *inaugural message.*

Sumunod sa agenda ang pagkilala kay Konsehal Joaquin Emmanuel G. Pimentel as ex-officio member ng sanggunian panlalawigan bilang kinatawan ng *Philippine Councilors' League (PCL)*- Camarines Norte at ang pagpasa ng resolusyon bilang pagkilala sa kanya na sinang-ayunan ng lahat. Ang halal na pangulo ng *PCL* na si dating Konsehal Ricky Manarang ay nagkandidatong ikalawang punong bayan ng Paracale kung kaya alinsunod sa batas pumalit sa kanya ang pangalawang pangulo ng PCL na si Kon. Pimentel na muling nahalal na konsehal sa bayan ng Vinzon. Si Kgd. Pimentel ang kakatawan sa PCL hanggang sa mahalal ang bagong pamunuan.

Matapos ito ay pinagtibay ng SP ang Resolution *"Announcing the formal constitution of the Sangguniang Panlalawigan of Camarines Norte and Informing the Office of the President and all concerned that the body is now ready to perform its duties under the Local Government Code of 1991"*.

Ang Sanggunian Panlalawigan 2013-2016 ay binubuo ni Bise Gob Jonah P. Pimentel—Presiding Officer; SP Members ng unang distrito ng Camarines Norte: BM Pamela M. Pardo, BM Teresita DL Malubay, BM Reynoir V. Quibral, BM Erwin Lausin at BM Arthur Michael G. Canlas; SP Members ng ikalawang distrito: BM Rodolfo V. Gache, BM Senen A. Jerez, BM Romeo R. Marmol, BM Gerardo G. Quiñones at BM Renee F. Herrera.

Kasunod nang binigyan daan ang mahalagang presensiya ng muling nahalal na punong lalawigan Gob. Edgardo A. Tallado para sa kanyang paglalahad ng ***Policies and Programs of the Provincial Government of the 27th Provincial Government Administration for 2013-2016***. Matapos ang mensahe ng gobernador, pinagtibay ng SP ang isang resolusyon ng pagkabatid nila sa mga inilahad na polisiya at mga programa na kanilang magiging batayan ng *legislative actions.*

Bago ang pagtatapos ng Inaugural session ay nagbigay mensahe din si G. Edwin F. Garcia, *Provincial Director ng Department of Interior and Local Government.*

Sinabi niya na na makapagpapatunay siya sa naging dagsa ng proyekto at pangunahing serbisyo ng pamahalaang panlalawigan at nagkaroon ng pagbabago sa ekonomiya. Binigyang kredito niya si Gob. Tallado sa pagiging masipag at pursigido sa

*(Sundan sa pahina 5)*

# Kapansanan...

*(Mula sa pahina 4)*

*ment for Persons with Disabilities"* na ang hangarin ay maisama ang *disability agenda* sa lahat ng sangay ng gobyerno, pati na ang mga *NGOs* at ang buong komunidad.

Ang *NDPR Week* ay ipinagdiriwang tuwing Hulyo 17-23 bawat taon sa bisa ng *Proclamation No. 1870, Proclamation No. 361* at *Administrative Order No. 35* .

Nagtatapos ang taunang selebrasyon tuwing ika-22 ng Hulyo, sa petsa ng kapanganakan ni Apolinario Mabini na tinaguriang Dakilang Lumpo *(Sublime Paralytic)* upang gawin siyang inspirasyon ng mga katulad niya na may kapansanan. Bagamat siya ay lumpo, kahanga-hanga ang kanyang katapangan at kabayanihan noong 1986 *Philippine Revolution* ***LORENA DT IBASCO/ JING A. CALIMLIM***

# Executive Agenda, inilahad sa SP

Inilahad ni Gob. Edgardo A. Tallado noong Hulyo 1, 2013, ika-siyam ng umaga sa Session Hall, Provincial Capitol sa *inaugural session* ng bagong pamunuan ng Sangguniang Panlalawigan ng Camarines Norte ang kanyang "Executive Agenda" para sa kanyang ikalawang termino ng panunungkulan.

Naging isang tradisyonal ng bahagi ng *inaugural session* ng bawat sanggunian ang paglalahad ng mga planong programa at mga panuntunan ng administrasyon ng punong ehukutibo tulad ng mayor at gobernador upang maipabatid sa sanggunian at maging batayan ng mga magiging *legislative actions* nito.

Binigyang diin ni Gob. Tallado na sa kanyang ikalawang administrasyon ay mas magiging mahigpit ang kanyang pamunuan at kung ano ang mas makakabuti sa nakarami ay siya niyang gagawin.

Nakapaloob sa *executive agenda* ang kanyang mga plano, programa at proyekto sa susunod na tatlong taon.

Hiniling niya ang suporta ng Sangguniang Panlalawigan upang matuloy ang mga ito at sinabing kalimutan na ang pagkakahati-hati bunga ng nakaraang halalan.

Narito ang kanyang mga plano para sa Camarines Norte:



"Alam ko na lahat tayong bagong halal na opisyal ay masigla sa araw na ito at excited nang magtrabaho. Let us convert that high spirit to a lofty dynamism, as we start our 1st day in public office today".

"Tungo dito, aking hinihiling sa ating Sangguniang Panlalawigan ang isang legislative agenda na tumutugon sa aking Executive Agenda for 2013-2016 na nakapaloob sa sa ilalim ng 4 na gawain":

INFRASTRUCTURE DEVELOPMENT
ENSURING ECONOMIC GROWTH
PROVIDING FOR BASIC NEEDS
INSTITUTION BUILDING

"Aasahan ko pa ang inyong matibay na LEGISLATIVE ACTIONS para sa pondong ilalaan ko sa mga proyektong ipagpapatuloy natin dahil naging instrumento ang mga ito sa pagahon ng lalawigan sa kahirapan":

- Concreting of Provincial and Farm to Market Road
- Electrification of Purok and Sitio – target 100%
- Sustainability of College Scholarship Program
- Sustainability of OSY scholarship Program
- Sustainability of Multi-Services Caravan
- Sustainability of Full Charity Hospital
- Continuous Modernization of Cam. Norte Provincial Hospital sa Daet, Labo at Capalonga
- Sustainability of Philhealth Program
- Sustainability of Agricultural Programs and Projects
- Continuity of Irrigation projects
- Disaster preparedness, our Target is zero casualty
- Completion of Pres. Cory Aquino Boulevard

"Gayundin ay inaaasahan ko ng lubos ang buong suporta ng ating lehislatura para sa mga bagong proyekto tulad ng":

- Secondary Education thru Alternative Learning System , Accreditation & Equivalency Classes
- COMPUTERIZATION of records and financial transaction of CNPH
- PROVISION FOR SHELTER- Camarines Norte as Gawad Kalinga Province
- Housing for Provincial Government Employees
- BAGSAKAN CENTER at FARM SCHOOL
- Rehabilitation of Daet Airport
- Subukan natin ang Build Operate Transfer (BOT) Scheme Establishments of Bagasbas Surfing Resort and Hotel, Convention Center and Beach Dome

"I also encourage our Honorable Sanggunian Panlalawigan to take part in the following which need Legislative Interventions":

- Revenue Generation Plan
- Cam.Norte Investment Plan for Health 2013-2017
- Study on Use of Alternative Source of Energy
- Solid Waste Management Program – Creation of Solid Waste Management Board and for the Provincial Government to come up with its own Solid Waste Management Plan
- Study on the Accessibility of Potable Water to Remote Barangays
- Strengthening of Gender and Development Program
- Strengthening of Camarines Norte Promotion Investment Center

Sinabi ni Gob. Tallado na tulad nang kung paano ko naipatupad ng mga plano at direksyon ko sa aking unang termino, alam ko na matutupad natin ang ating mga bagong pangarap dahil kasama ko kayo: Vice Gov. Pimentel, ang mga re-elected board members, ang mga nagpaalam ng mga board members, mga department heads, mga kawani at lahat ng tumulong at nakiisa sa aking pamamahala. ***jacalimlim***

# Ang katalo ay magiging kaakbay.

### pahayag sa Inaugural Session ni Bise Gob.


*Good Afternoon.*

*I stand here today grateful for the confidence you entrusted me. Humbled by the honor the people of Camarines Norte have given me, fully aware of the responsibilities that are facing me. Looking at you today, I never felt as blessed as now. The challenges and sacrifices I have endured during the campaign are nothing compared to the 80,898 people who gave me their vote of affirmation and trust. I can never thank you enough. Maraming maraming salamat po.*

*Wise men say that the journey of a thousand miles begins with the first step. Today, we take this first step with a heart that is full of gratitude and optimism, fired with a deep love for God and country and for our fellow citizens. Please know how much I value the trust you have given me. A majority vote unequalled in this electoral process. And yet, even for those who did not vote for me, let me assure you of my unselfish discrimination, for we must respect the freedom to choose those who would lead us. The freedom to make a choice is a basic right in all democracies. But because politics is over, now is the time to serve the people. We shall put away partisan politics, reach out to everyone, in the spirit of reconciliation for some greater and higher goals of service and of love.*

*Please allow me to make an analogy in the use of prefix "KA" and how much it could awaken our sense of purpose and oneness. In politics, we call our opponents "Kalaban". We look to them as "Katunggali", "Katalo". In the same way that we call our partymates as "Kasama", "Kakampi", "Katribo', "Kabaro", "Kapartido". But take notice, friends and allies, enemies and foes, have a common prefix "KA" which brings us to this point. "Ang kalaban ay pwede rin palang kasama kung serbisyo at paglilingkod ang pag-uusapan. Ang katalo ay magiging kaakbay, kabalikat sa pagserbisyo sa kapakanan ng bayan at mga mamamayan nito".*

*I dream of a time when politicians like us would mature into statesmen, not so polarized, less divided, and able to rise above themselves, for higher and more unselfish ends. Is this possible? Or is this an impossible dream? Because if we are so divided, if we are always in the war paths, if we look to each other as "Karibal", competitors, then there will always be suspicions, mistrust, and these are not allies to effective governance. It would be foolish to think otherwise. And it is not also just Government leaders, elected leaders including myself, but also you, each and every Filipino citizen who will chart our destinies. The destiny of our nation! The destiny of our Camarines Norte!*



*Ours is a shared responsibility. Today is just a "Changing of the Guards" as we change officials which you are now witnessing. Because buried deep is the unchanging, unflinching patriotic interests of this great institution called "Government" ... "Pamahalaan". This is the bigger and greater picture to which every patriotic heart should beat for. "The parts cannot be greater than the whole". Let's try to be greater, bigger than our individual selves. Rise up to the greater call to selfless service, supporting the initiative of each other, inspired by refined and polished insights, able to look farther and higher. Will there be better times? Yes! There will be for sure! It is in our hands. It is our choice.*

*The politics of revenge had had its day. It's time to heal the wounds of politics and get to work. Reach out to all, even to those on the other side of the political fence. We cannot adopt ideal solutions, but at least we can try to be better, do better than before, less partisan, less polarized.*

*On my part, I shall do what needs to be done, according to the call of my duties as the Vice Governor of Camarines Norte, within the limitations of my modest capabilities, inspired by God Almighty, guided by the laws of the land, and believing in the giftedness of the human spirit and of the Filipino.*

*I shall do the best that I can. Give only to the extent of what I can give. No more can be asked by any. Let us all believe that the best is yet to come.*

*Thank you very much.*

*God Bless the Philippines! God Bless the Province of Camarines Norte!"*

## Mensahe sa Inaugural Session ni Gob. Edgardo A. Tallado

Maraming nagtaas ng kilay at nagtanong sa akin kung ako ba ay may magagawa o kung katulad din ako ng nakaraang gobernador?

Hindi ako magaling magsalita… hindi magaling mag-english. Hindi din ako gwapong-gwapo. Gwapo lang. Ngunit naisip ko, kaya pala maraming kulang sa aking pisikal na katangian dahil iba pala ang plano ng Panginoon. Gagawin pala ng Makapal na akoy maging gobernador.

Matapos ang tatlong taon ng ako ay maging gobernador, nasaan na tayo ngayon. Balik tanaw tayo sa 3 taong nakalipas at hayaan ninyong ilahad ko ang aking mga nagawa sa sektor ng Ekonomiya, Agrikultura, Inprastraktura, Elektripaksyon, Kalusugan, Edukasyon, Kahandaan sa Disaster; Social Services tulad ng Multi-Services Caravan at marami pang iba.

Sa aking unang termino ay tinanggap din natin ang isang pagkilala mula sa Department of Interior and Local Government. Ang SEAL OF GOOD HOUSEKEEPING na isang parangal sa ating pamamahala na nagpapakita ng pananagutan (accountability) at bukas o hayag na pamamahala (transparency) at maayos na pananalapi (sound fiscal management.

Sa taong 2011 ay nanguna ang Camarines Norte sa Bikol region sa koleksyon ng buwis sa negosyo kung saan nakalikom ito ng P60.64 milyon mula sa target na P42.52 milyon na katumbas ng 143% *tax collection efficiency*.

Mula sa isa sa pinakamahirap na probinsiya sa buong bansa, ang Camarines Norte ay naitala sa taong 2012, bilang NUMBER 52 OUT OF 82 PROVINCES at NUMBER 1 in Bicol Region na may mababang bilang ng mahihirap.

Alam ko na lahat tayong bagong halal na opisyal ay masigla sa araw na ito at excited nang magtrabaho. Let us convert that high spirit to a lofty dynamism, as we start our 1st day of public office today.

Alam ko na sa mahusay na pamumuno ni Vice Governor Jonah Pimentel, makakabuo tayo ng isang matibay na Executive-Legislative Agenda o ELA. Ito ang gawin nating batayan ng ating desisyon upang maiwasan na magkahati-hati ang Sangguniang Panlalawigan dahil sa partidong kinaaniban.

Aasahan ko pa ang inyong matibay na LEGISLATIVE ACTIONS para pagtibayin ang mga pondong idudulog ko para sa mga bago at dating mga proyekto at programang dapat ipagpatuloy.

Samahan po ninyo akong muli.Let us all make ourselves DEVELOPMENT ORIENTED and not POLITICALLY MOTIVATED. Kalimutan na natin ang pangit na alaala ng halalan. Ang pinakamainam ay magtrabaho tayong lahat at gawing inspirasyon ang estadong kinalalagyan natin ngayon na pag-angat ng ekonomiya ng lalawigan at pag-unlad ng serbisyo sa tao.

Sa ating ginagalang na Sangguniang Panlalawigan sana ay magkakasama nating marating ang katapusan ng ating termino na dala pa rin ang alab ng pagseserbisyo na ating nararamdaman sa simulang araw na ito ng ating paglilingkuran.

Let us work as a team with many voices but with single heart burning for general welfare of our people.

Bilang inyong punong lalawigan, gagawin ko ang lahat para sa kapakanan ng Camarines Norte.

Makakaasa po kayong muli na tayo ay tatahak sa tuwid na landas. Ito po ang inyong Punong Lalawigan, Edgardo A. Tallado. HIGIT SA SALITA, GAWA

# Kapansanan hindi hadlang



**Kapansanan ang inspirasyon sa tagumpay**– Si Rex A. Bernardo ng Daet, Cam. Norte, 2010 Bayaning Filipino Awardee at marami pang ibang parangal na kanyang tinanggap. Isang inspirasyon siya sa mga PWDs.



**Pag-ibig sa Inang Bayan ang awit ng isang batang may kapansanan**– Si Vhon Asis, 10 taong gulang mula sa Purok 8, Mantagbac sa kanyang napiling awitin na "Dakilang Lahi"

Napahanga, nangilabot at napaiyak ang mga manonood sa madamdaming pag-awit ni Vhon Asis, 10 taong gulang mula sa Purok 8, Mantagbac, Daet., isang batang may kapansanan na nagtanghal sa *Showcase of Talents of Persons with Disabilities (PWDs)* noong Hulyo 19, 2013, sa *CN Agro-Sports Center*.

Tumatak sa puso't isipan ng publiko ang kanyang magandang tinig. Larawan siya ng isang indibidwal na sa kabila ng kapansanan ay pinagyaman ang talento sa pag-awit sa halip na magmukmok.

Ganito rin ang ipinakitang gilas ng iba pang mga nagtanghal na *PWDs*. Isang *song number* din ang itinanghal ng Dioneda's *Special School*. Nagkaroon din ng espesyal na bilang ang Abaño *Deaf Class* at Daet *Elementary SPED Center*.

Sa *Showtime portion*, isang *modern dance* ang inihandog ng Jose Panganiban *SPED Class*. Natuwa rin ang lahat sa *dance number* ng Abaño *Deaf Ministry*. Dalawa (2) pang *dance numbers* ang nasaksihan mula sa Labo *SPED Class*.

*Sing and dance* naman ang presentasyon ng F. Baldovino *SPED Class* at Sta. Elena *SPED Class*. Isang *musical play* naman ang itinanghal ng Daet *Elementary SPED Center*.

Nagpakitang-gilas ang mga *PWDs* sa *Showcase of Talents* bilang tampok na aktibidad sa selebrasyon ng *2013 National Disability Prevention and Rehabilitation (NDPR) Week* dito sa Camarines Norte.

Pinagkalooban sila ng mga sorpresang papremyo at kaukulang sertipiko bilang espesyal na pagkilala. Binigyan din ng munting papremyo ang mga nanalo sa iba't-ibang kategorya ng *Showcase of Talents*.

Si *Prof.* Rex A. Bernardo, Lead Convenor-Provincial Council on Disability Affairs ang nagbigay ng kanilang mensahe. Isa siyang inspirasyon sa mga PWDs. Imbes na ang kanyang kapansanan ay maging hadlang ito ang ginawa niyang inspirasyon para siya magtagumpay.

Hindi lang siya nagtapos ng kolehiyo kundi nakakuha pa siya ng *Graduate Program in Human Resource Management at the University of Sydney* na isang scholarship grant ng *AusAID*. Naging iskolar din siya ng *Asian Development Bank* upang makamit ang *Master in Development Management at AIM*. Bago pa siya naging pinuno ng Prov'l.Council o n Disability Affairs, marami na siyang naging ambag sa lipunan. Marami ng pang-internasyonal at pangnasyonal na mga parangal ang kanyang tinanggap.

Si G. Abel C. Icatlo, Museum Curator I ay nagbigay din ng mensahe bilang kinatawan ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Ang tema ng selebrasyon ay *"Building an Inclusive and Non-Handicapping Environ-*

*(Sundan sa pahina 2)*



**Spelling Bee Champion—Viberly Rashad R. Reyes** (3rd fr left) with (fr L-R) Mrs. Lorenia Tuazon-*CNPL Incharge*, SPM Jay Pimentel, Ms. Eleanor Llabore-*FM DJ*; Mr. Ramil S. Percil at Ms. Aten S. Auro, Spelling Bee Master, *Office of the Governor*

# Spelling...

*(Mula sa pahina 6)*

Muling pinatunayan ni Reyes ang kanyang husay sa larangan ng pagbabaybay sapagkat matatandaan na siya rin ang nagkampeon sa parehong patimpalak noong 2012 sa ilalim ng patnubay ng kanyang *coach* na si Mr. Ramil S. Percil.

Naging hurado naman sa iba't-ibang antas ng patimpalak ang Ex. Coun. Corazon Yuzon-Bacerdo; DJ Eleanor Llabore; Radyo ng Bayan *reporter* Norgene Abarca; *Acting PIO/Community Affairs Officer IV* Jing Arriola-Calimlim, at *English Head* Emma Dasco ng *Department of Education (DepEd)*. Nagsilbing *bee master* sa buong panahon ng patimpalak si Ma. Zenaida S. Auro ng *Office of the Governor*.

**DARIO C. DIME**


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM

**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,

**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula

**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;

# Ground Breaking Ceremony






**ON THIS SITE WILL RISE AN AGRICULTURE ENTERPRISE PROJECT FOR THE PEOPLE OF CAMARINES NORTE**—*(left picture) Inihuhulog ni Gob. Edgardo A. Tallado katuwang si Bise Gob. Jonah Pimentel ang kapsula na naglalaman ng plano at disenyo ng gusali ng Agri Pinoy Trading Center at Farm School, simbolo ng pagsisimula ng konstruksyon. (right picture ) Nananalangin si Rev. Fr. Augusto Jesus "Toti" Angeles para sa basbas at patbubay ng Diyos sa isasagawang proyekto sa Sitio Mat-I, Sto Domingo Vinzons*



**MAGKAKABALIKAT SA KAUNLARAN** – *(fr l-r) Si* Gob. Edgardo A. Tallado, *DA Undersecretary* Jose Zaleta, Hernan Ongkiko -*ARCP2 Deputy Project Director,* Rene Remanes ng *Agri-Business Marketing Assistance Service, Dept of Agriculture habang umaawit ng Lupang Hinirang*



**PAMAMAHAGI NG TITULO–** Ang *Certificate of Land Ownership* mula sa DAR Provincial Office sa pamumuno ni Leonito Gavaria, *Provincial Agrarian Reform Officer ay ipinagkaloob sa okasyon ng ground breaking ceremony* sa pamamagitan ni Gob. Edgardo A. Tallado at mga panauhin.



*PANAUHING CAMNORTEÑO–* Binibigyang puntos ni *DA Undersecretary* Jose Zaleta sa kanyang mensahe ang proyekto ng ARCP sa Camarines Norte. Sa pagbibigay paliwanag sa proyekto ni Provincial Engineer Cesar Paita, ipinabatid niya na ikinatuwa ng marami na ang panauhing si Usec Grageda ay tubong CamNorteño at kaklase niya at sabay silang nagtapos ng elementarya sa Daet Elementary School.



# Childrens' Library Corner...

*(Mula sa pahina 6)*

lang kay Ella Ureña ng Capalonga *Elementary School* upang maging *story teller* sa *Story Telling activity* noong Hulyo 25, 2 pm na dinaluhan ng mga estudyante mula sa *Moreno Integrated School.*

Tampok din sa *Children's Book Week* ang *2nd Provincial Spelling Bee.*

Ang mga nabanggit na gawain ay pawang ginanap ng ika-1 n.h. sa magkakahiwalay na araw sa *CNPL.*

Ang pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Library Services Division (LSD)* ay ginagawa ang mga nasabing inisyatibo upang maengganyo ang mga kabataan na ugaliin ang pagbabasa lalo't sa *computer world* natin ngayon na pakonti na ang nagbabasa ng aklat. ***DARIO C. DIME/LDTI***

# Inaugural session...

*(Mula sa pahina 2)*

kanyang tungkulin.

Sa hapon ay bumisita ang SP sa mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. ***jacalimlim***



**LARAWAN NG PAGKAKAISA** - Ang pagpapakuha ng larawan ng mga opisyales ng lalawigan, matapos ang Inaugural Session noong Hulyo 1, 2013 sa Sanggunian Panlalawigan Session Hall, Provincial Capitol. (fr l-r) SP Members - Senen A. Jerez, Reynoir "Bong" V. Quibral, Renee F. Herrera, Romeo R. Marmol, Rodolfo DV. Gache, Gob. Edgardo A. Tallado, Vice Gov Jonah G. Pimentel, SP Members -Pamela M. Pardo, Tess DL Malubay, Mike G. Canlas, DILG Prov'l. Dir. Edwin Garcia at SPM Erwin L. Lausin. Nasa dulong kaliwa (2nd row) si Coun. Jay G. Pimentel, Ex Officio Member ng SP bilang bagong pangulo ng Provincial Councilors' League, Camarines Norte Chapter. Nakaupo si Reby J. Cuano, Secretary to SP.



PAGPALAIN ANG LUGAR NA ITO– Binabasbasan ni Rev. Fr. Augusto Jesus "Toti" Angeles ng St. Peter Parish ang lugar na pagtatayuan ng Agri Pinoy Trading Center at Farm School sa Sitio Mat-i, Sto. Domingo, Vinzons. Nakasunod sa kanya si Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel.

# APTC inihahanda na!

Bilang paghahanda sa proyektong Agri-Pinoy Trading Center (APTC) ay isinagawa noong Hulyo 3-5, 2013 ng pamahalaang panlalawigan sa Nazareth Development Center ang isang *BUSINESS PLANNING WORKSHOP* upang masiguro ang maayos na pagpapatayo ng mga istraktura sa nasabing center at ang mahusay na operasyon nito mula sa simula hanggang sa maging matatag na sentro ng kalakalan sa lalawigan.

Tinalakay dito ang 3 mahahalagang saklaw ng proyekto: *technical study, market study at organization and management study*.

Dumalo ang mga *key personnel* mula sa pamahalaang panlalawigan na mangunguna sa pagpapatupad ng proyekto at ilang inanyayahang kinatawan ng mga farmers cooperative at municipal agriculturist offices. Hinati sila sa 3 grupo at bawat grupo ay tumalakay sa nasabing 3 saklaw ng proyekto.

Ang daloy ng 2 araw na pagsasanay na isinagawa sa Nazareth Development Center Daet ay pinangunahan ng National Agribusiness Corporation (NABCOR)na kinatuwang ng pamahalaang panlalawigan para sa *feasibility study* at pagsubaybay sa proyekto.

Ang *technical aspect* ng APTC ay kinapapalooban ng pagpapatayo ng *display and trading area* na may kasamang *cold storage at digital weighing facilities*, pagpapatayo ng kantina, *trucking facilities, parking area, solid waste disposal system* at iba pa.

Napag-alaman na ang *target duration* sa pagpapagawa ng APTC ay sa loob ng anim hanggang pitong buwan.

Sa aspetong *organization and management* ay tinalakay ang *capability building* ng *interim project management staff* at katuwang na *farmers organization; procurement fund, provision of production credit*.

Masusi ding pinag-usapan ang *information advocacy, operational management* at ordinansang kailangan.

Sa *market study* ay pinagtuunan ng pansin ang *financial analysis – profit margin* ng trading center. Ang mga gulay at iba pang produktong ikakalakal; ang pagtatalaga ng presyo at pagbebenta ng mga ito ay tinalakay din sa *business planning workshop*.

Ang kabuuang *output* ng *business planning workshop* ay pagbabatayan sa mga susunod na mga hakbang para sa tagumpay ng proyekto.

Isinagawa ang *ground breaking ceremony* ng APTC sa Mat-i, Sto. Domingo, Vinzons, noong ika-9 ng Hulyo 2013 kasabay sa kaarawan ni Gob. Edgardo A. Tallado. *JING A. CALIMLIM*

# Ground Breaking...

(Mula sa pahina 1)

unahan ang *Agri-Pinoy Trading Center* at *Farm School sa Camarines Norte* sa rehiyong Bikol.

Ang proyektong ito ay komplementaryo sa pagsasaayos niya ng mga farm to market roads at pagkakaloob ng mga agricultural farm inputs. "Kailangan na may siguradong pagdadalahan ng produkto ang mga magsasaka at mangingisda.

Samantala, sa farm school naman ay tuturuan sila para sa pag-unlad pa ng kanilang mga sakahan at pangisdaan", ayon pa sa gobernador.

Ang Agri-Pinoy Trading Center o naunang tinawag na bagsakan center ay isang "agriculture enterprise project" na sinimulang isinulong ni Gob. Tallado noong nakaraang taon.

Sa mensahe sa nasabing okasyon ni G. Ongkiko, ipinahayag niya na tatanggap ang Camarines Norte ng *Performance Based Grant System (PBGS)* na tinatayang P75 milyon at maaaring gugulin ng pamahalaang panlalawigan sa iba pa nitong proyekto.

Naging bahagi din ng programa sa araw na ito ang paglagda sa ang *Memorandum of Agreement* ukol sa PBGS Cash Grant.

Ang *ground breaking ceremony* ay nagsimula ng ika-9 ng umaga sa pamamagitan ng isang misa na pinamunuan ni Rev. Fr. Augusto Jesus "Toti" Angeles ng St. Peter Parish. Binasbasan din niya ang lugar na pagtatayuan ng proyekto.

Sa pangunguna ni Bise Gob. Jonah Pedro G. Pimentel, kumpleto ang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan na dumalo sa okasyon. Si Bise Gob. Pimentel ang nagpahayag ng *opening remarks.*

Bilang bahagi ng programa, ipinaliwanag ni Gng. Francia C. Pajares, Acting Provincial Agriculturist ang magiging takbo ng operasyon ng APTC.

Si Provincial Engineer Cesar C. Paita ang tumalakay sa istrukura ng proyekto at ang *marketing location* nito.

Si Ellen B. Austria, Acting Provincial Planning & Development Coordinator ay nagbigay impormasyon ukol sa farm school at iba pang detalye ng APTC.

Isinabay din sa okasyon ang pamamahagi ng Certificate of Land Ownership Award sa mga benepisyaryo nito mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. .

Presente sa okasyon ang mga kinatawan ng mga samahan ng magsasaka sa lalawigan, mga kawani mula sa regional at provincial office ng DAR at DA, mga kawani at hepe ng tanggapan ng kapitolyo.

Naroon din ang unang ginang Josie B. Tallado na parating nakasuporta kay Gob. Tallado.

Nagbigay sigla sa okasyon ang pagtugtog ng pamosong Mabini College Bicol Ambassadors Band.

Ang *ground breaking ceremony* ay simbolo o hudyat ng pagsisimula ng isang inprastrakturang proyekto. Ilalagay ang dokumento ng plano at disenyo ng proyekto sa hugis tubong lalagyan at ibabaon ito sa lupang pagtatayuan ng proyekto. Babasbasan din ito. **jing a. calimlim**

# National Children's Book Week

## Spelling Bee, matagumpay

Nanalo si **Viberly Rashad R. Reyes** ng *Daet Elementary School (DES)* sa *2nd Provincial Spelling Bee* na ginanap sa *Camarines Norte Provincial Library (CNPL)* noong Hulyo 26, 2013.

Nagtagisan sa pagbabaybay ang 29 na mag-aaral sa *Grade 6* mula sa iba't-ibang paaralang elementarya sa 12 bayan dito sa Camarines Norte.

Nanatiling *highest pointer* si Reyes ng *DES* sa *first* at *second elimination rounds* at napanatili niya ito hanggang sa *Championship Round* kaya nakupo niya ang pagiging kampeon. Pumangalawa sa kanya si **Rovi Betina M. Almoneda** ng *CNSC Abaño Laboratory School*, at pumangatlo naman si **Dani Catherine D. Pinpeno** ng Larap *Elementary School*.

Sina Reyes, Almoneda at Pinpeno ay pinagkalooban ng tropeo, katibayan ng paglahok at premyong tig-P3,000.00, P2,000.00 at P1,000, ayon sa pagkakasunod. Ang mga hindi pinalad na manalo ay pinagkalooban naman ng katibayan ng paglahok.

(Sundan sa pahina 4)

## Childrens' Library Corner binuksan

Mayroon ng isang makulay, air-conditioned, tahimik at ligtas na lugar para sa mga bata sa *Camarines Norte Provincial Library (CNPL)*.

Naglalaman ito ng mga aklat-pambata na kagigiliwang buklatin o basahin ng mga kabataan sapagkat makukulay at maraming larawan ang mga pahina. Layunin nito na maengganyo ang mga kabataan na ugaliin ang pagbabasa at mamulat sa kahalagahan ng mga aklat bilang bukal ng karunungan.

Pinasinayaan ang *childrens' library corner* noong Hulyo 25, 2013. Isinabay ito sa buwan ng Hulyo bilang bahagi at pakikiisa ng Camarines Norte sa ika-30 taong anibersaryo ng *National Children's Book Week* na may pambansang temang: 'Sa Aklat Tayo'y Mamumulat'.

Naging panauhing tagapagsalita si Jay G. Pimentel. Siya ay *Ex-Officio Member* ng Sangguniang Panlalawigan bilang Pangulo ng *Philippine Councilors' League, Camarines Norte Chapter.*

Noong Hulyo 23, nagkaroon ng *documentary film showing* ukol sa pangangalaga sa kapaligiran para sa piling mag-aaral ng Zurbano *Elementary School.*

Tulad ng nakagawian, namigay ng aklat ang *CNPL* sa mga estudyanteng nakasagot sa bawat tanong na hango sa napanood nilang *documentary film.*

Ang malayong byahe mula Capalonga-Daet ay hindi nakahad-

(Sundan sa pahina 5)

# CamNorte 4-H members, nanalo sa National Contest

Nanalo ang apat (4) na kinatawang kalahok ng Camarines Norte sa mga patimpalak sa ***61st Farm Youth (4-H)*** *National Congress* noong Hunyo 11-13, 2013 sa *The Legend Hotel*, Puerto Princesa City, Palawan sa Palawan. Masaya din ang buong delegasyon ng Rehiyong Bikol bilang itinanghal na *over-all champion*.

Si Edson Mañago ng *4-H Club* ng Poblacion, Basud ang nakasungkit ng unang puwesto para sa *major contest* na *Rootcrops*-Kakanin *Cooking*.

Si Nikko Roxas ng *4-H Club ng* Talobatib, Labo ay pumangalawa sa kategoryang *Livestock and Poultry with Packaging and Labeling*.

Si Rolly Balbaira ng *4-H Club* ng San Nicolas, Talisay ang ikalawang puwesto para sa *Modified Poster Making*.

Samantala, sa *minor contest* na *4-H Quiz Bee*, ang unang puwesto ay nakuha ni Manuel Odi ng 4-*H Club* ng Napilihan, Vinzons.



**4H Club Bicol, Over-all Champion during the 2013 National Farm Youth Congress.**
Nasa dulong kaliwa si Nikko Roxas; mula sa kanan ay si Rolly Balbaira , Manuel Odi at Edson Mañago na pawang mga taga-Camarines Norte na nanalo sa paligsahan.

Ikinalugod ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang pagkapanalo ng mga kabataang Camnorteno at ng rehiyong bikol. Ayon sa kanya, pinatunayan nila na sila ay produktibong kabataan na kaagapay sa kabuhayan at kaunlaran na siyang tema ng *61st Farm Youth (4-H) National Congress* ngayong taon.

Ang delegasyon ng Camarines Norte ay pinamunuan nina *Acting Provincial Agriculturist* Francia C. Pajares ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* kasama si *Agriculturist II* Irene J. Olivar na tumatayong *Provincial Farm Youth Development Program (PFYDP) Coordinator*.

Kabilang din sa delegasyon sina *Municipal Farm Youth Development Program (MFYDP) Coordinators* ng Basud na sina Julius Tabalan at Rosario Sabocor, at ang *MFYDP Coordinators* ng Labo na sina *OIC Municipal Agriculturist* Fe de Mesa, at Lilibeth A. Roxas, *Asst. Dean* ng *Camarines Norte State College (CNSC)*-Talobatib *Campus.*

Ang delegasyon ng Rehiyong Bikol ay pinangunahan ni *Director* Efren C. Sabularce ng *Agricultural Training Institute-RTC V* kasama sina *Regional RBO Coordinator* Ma. Jechie M. Lizaso at *Regional FYDP Coordinator* Aloha Gigi I. Banaria. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JAC***

# Kikilalanin, Best Reforestation Program

Ngayong 2013, sa ika-10 taong implementasyon ng *Millennium Seedling Production and Tree Planting Program (MSPTPP)ng Provincial Government of Camarines Norte (PGCN)*ay pipili ng 10 *best performing beneficiaries/recipients* upang kilalanin ang kanilang *good tree planting practices.*

Tinatayang may 350.30 ektaryang lupain ang nataniman ng may 292,408 *seedlings* ng iba't-ibang *forestry species* na naipamigay ng *Provincial Environment and Natural Resources Office (PG PENRO) ng* pamahalaang panlalawigan sa iba't-ibang indibidwal at mga organisasyon, pribado at pampubliko simula 2003-2012.

Mula sa talaan ng *PG PENRO,* pumili ng 50 indibidwal/grupo na nabigyan ng 1,000 at higit pa na pananim na punungkahoy at sila ang mga kwalipikadong kalahok. Sinimulan noong Hunyo 2013 ang aktwal *field verification* ng kanilang forest plantation upang matasa *(assessment)* ang *survival rate* at *mean volume* ng mga punungkahoy na itinanim. Nagsasagawa din ng *face-to-face interview/inquiry*, upang malaman ang mga *best practices* na kanilang ipinatupad.

Ang *Inventory Team* na siyang nagbalangkas ng kaukulang *inventory* at *survey tools,* ay binubuo ng *technical staff* mula sa *PG PENRO*, kinatawan mula sa *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* at *Philippine Information Agency (PIA)* at/o iba pang kaukulang ahensya.

Isasagawa nila sa loob ng limang (5) buwan ang dokumentasyon at ebalwasyong upang matukoy ang karapat-dapat mabigyan ng parangal/pabuya dahil sa pinakamahusay nilang *tree planting practices.*

Itinakda ng *PG PENRO* sa Oktubre 2013, sa pagdiriwang ng *National Environment Month* at pagsasagawa nila ng Aral-Kalikasan *Program* ang pagbibigay parangal sa mga magwawagi. Bibigyan ng plake ng rekognisyon at mga *planting materials* ang 10 *best performing beneficiaries/recipients.*

Ang *MSPTPP* ay 10 taon nang tuloy-tuloy na ipinatutupad ng *PGCN* sa pamamagitan ng *Environment and Natural Resources Office.* Sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ay lalo pang pinaigting ang programang ito. Ang pamamahagi ng *seedlings* ay isang regular na gawain sa kanyang *multi-services caravan* bilang suporta sa *reforestation program* na isinusulong ng pamahalaang nasyonal. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JAC***

# *Balatan, binabantayan!*

Bilang bahagi ng proyektong *sandfish pen culture*, gumagawa ng kulungan ng *sea cucumber* (balatan) ang Caringo *Fisherfolks Association*, isang rehistradong *people's organization* sa Caringo Island Brgy. Caringo, Mercedes.

Nagtalaga din ng 9 na Bantay-Dagat *(B/D) Security Aides na pawang mga taga-Caringo* na palit-palitang magbabantay sa araw at gabi sa *sandfish pen* para walang magtangkang magnakaw sa mga balatan lalo na pag pwede nang anihin. Tungkulin nila na tsekin at alisin ang alimango, *starfish*, atbp. na nakapasok sa kulungan para matiyak ang kaligtasan ng mga balatan, at tsekin na walang sira ang *net* para di makalabas ang mga *cultured* balatan. Tutulong din sila sa buwanang *weight sampling* ng mga balatan na isasagawa ng *OPAg-FDD*.

Ito ay bahagi ng proyektong *sandfish pen culture* na pinunduhan ng *Department of Agriculture-Bureau of Agricultural Research (DA-BAR)*.

Layunin nito na mapanumbalik ang malaking populasyon ng mga sea cucumber (balatan) na patuloy ang pagkonti at pagliit ng sukat partikular na ang *sandfish species*.

Sinusubaybayan ito ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ni *Supervising Agriculturist* Edgar A. Estanislao , hepe ng *Fisheries Development Division (FDD)* ng *Office of the Provincial Agriculturist- (OPAg-FDD)*.

Ang *Provincial Research Team* ng *On-Farm Trial Culture of Sandfish* ay kinabibilangan nina Ms. Anita Borero, *Aquaculturist II* ng OPAg-FDD at Ms. Sylvia Salvan ng *Camarines Norte State College (CNSC)-Mercedes Campus* bilang mga *project leaders;* Rachel Moreno (*Component 1 Study Leader);* Nelson Olfindo ng *CNSC* Mercedes at (*Component 2 Study Leader*), at Supv'g. Aquaculturist Edgar A. Estanislao ng *OPAg-FDD* (*Component 3 Study Leader)*. Kabilang din sina Lovely Balean ng CNSC Mercedes, at sina *Senior Aquaculturist* Danilo Guevarra at *Aquaculturist II* Zosimo Guazon ng *OPAg-FDD*. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***

# P 75 milyon...

*(Mula sa pahina 8)*

Rene Remanes mula sa *Agri-Business Marketing Assistance Service* ng *Department of Agriculture*, na maski natutulog na siya ay nagtetext sa kanya si Gob. Tallado. "Halos araw-araw niya akong itinitext para sa mga hinihingi niyang pondo para sa inyong lalawigan".

Ayon kay Gob. Tallado, hangad niya na maaprubahan ang lahat ng proyekto kanyang isinumite sa DAR at titiyakin niyang maging mahusay ang implementasyon ng mga ito tulad ng mga naunang proyekto upang makuha ng lalawigan ang P75 milyong insentibo o capital grant.

Muntik nang hindi matuloy ang ARCP2 nang tinutulan ng mayoriya SP members na hindi kaanib sa partidong pulitikal ni Gob. Tallado ang badyet na uutangin sa Land Bank of the Philippines bilang equity o kabahaging pondo ng lalawigan. Bagamat nang unang idulog ng gobernador ang proyekto sa SP ay *unanimously approved* nila ito.

Dahil kumpleto na ang mga papeles at kaukulang resolusyon mula sa SP, ipinagpatuloy ng DAR ang proseso. Sa huli ay sumang-ayon na din ang SP sa badyet na kailangan bunga ng pagsusumikap ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel na ipaunawa ang kahalagahan ng proyekto. ***Jing A. Calimlim***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 4, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2013
“Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte”
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Calaguas Island

## kabilang sa 25 emerging Tourism Hot Spots sa Pilipinas

Kabilang ang Calaguas Island sa kalahok sa Search for 10 Philippine Gems na inilunsad kamakailan .

Isinasagawa ng Isla Lipana and Co. ang timpalak bilang suporta sa Department of Tourism na makamit ang target nitong pagdagsa ng 10 milyong turista sa ating bansa sa 2015.

Pumili ng 25 mula sa listahan ng 175 “tourist destinations, na dito ay mapalad na nakasama ang Calaguas Island. Ito ay isang isla sa Barangay Mangcawayan, sa bayan ng Vinzons na dinadayo na dahil sa malinis na dagat, pino at maputing buhangin nito na mas maganda sa Boracay. Wala pang mga pasilidad dito tulad ng hotel ngunit taglay nito ang naturalesang gandang hatid ng kalikasan na nagdudulot ng tunay at hindi artipisyal na kasiyahan.

Ang iba pang kalahok ay Apo Island, Apo Reef Natural Park, Batanes Island, Biri Island Rock Formation, Bucas Grande Island, Busuanga and Coronng Palawan, Camiguin Island, Camotes Island, Caramoan Island, Danjuan Island, Donsol, Kapurpurawan Rock Formation at Lake Sebu, Mt. Pulag, Mt. Kanlaon, Mt. Pinatubo, Pagudpud, Panglao Island at Sagada.




Ang Top 10 Philippine Gems ay pipiliin base sa dami ng boto kung kaya inaanyayahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang lahat ng mamamayan ng Camarines Norte na buong pwersa nating itaguyod ang Calaguas Island upang mapasama sa Top 10 Philippine Gems. Hinihikayat ang lahat ng may email address, facebook at twitter account na bumoto “via online” at yayain ang iba pang bumoto. Ganito lamang ang gagawin. Magtun-go sa website na www.philippinegems.com/voting/ o di kaya ay sa *www.camarinesnorte.gov.ph*

Ang *voting period* ay nagsimula noong Hunyo 26 at magtatapos sa Setyembre 2013. Isang email account, isang boto. Kaugnay nito, pinangungunahan ng Tourism Operations Office ng pamahalaang panlalawigan ang kampanya para sa pagboto sa Calaguas Island. Nakatakda itong magtungo sa mga paaralan at iba pang mga tanggapan. Samantala, ang Community Affairs Office ay tumutulong sa *online*

# P 75 milyon, tinatayang cash grant mula sa DAR



Nilalagdaan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang MOA ukol sa *cash grant* sa patnubay ni G. Hernan Ongkiko *(may hawak ng papel) - ARCP2 Deputy Project Director*, habang nakamasid sina (left-right) Bise Gob. Jonah Pimentel, PARO Leonito Gavaria at panauhing si DAR Undersecretary Jose Z. Grageda na isang CamNorteño.

Inuulat ni G. Herman Ongkiko, *Deputy Project Director* ng *Agrarian Reform Community Project 2* o ARCP2 ang magandang balita na ang *Provincial Government of Camarines Norte* (PGCN) ay makatatanggap ng tinatayang P75 milyon pondong insentibo sa ilalim ng *Performance Based Grant System (PBGS)* ng *Department of Agrarian Reform (DAR)*.

Ang P 75 milyon ay 20% ng kabuuang pondo ng *ARCP2* sa Camarines Norte. P62 milyon na ang siguradong matatangap ng Camarines Norte batay sa mga aprubadong proyekto na natapos na at kasalukuyang isinasagawa. Ang insentibong salapi ay maaaring gugulin sa mga iba pang proyekto ng *PGCN*.

Ayon kay G. Ongkiko, ang PBGS ay isang uri ng insentibong ibinibigay dahil sa mahusay na implementasyon ng ARCP2. Mula sa 134 lgu sa 6 na rehiyon, 22 lamang ang kwalipikado sa PBGS at ang Camarines Norte ang nanguna sa listahan. Sinabi pa din niya na gagawin *benchmark* o panuntunan ng kanilang tanggapan ang mga insiyatibo ni Gob. Edgardo A. Tallado tulad ng pagako niya ng *equity o counterpart* upang mapabilang ang Camarines Norte sa ARCP2.

Si G. Ongkiko ay isa sa panauhin noong ika-9 ng Hulyo, sa *ground breaking ceremony* ng *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)* na isinagawa kasabay ng kaarawan ni Gob. Tallado. Noong ika-27 ng Hunyo 2013, narito rin sa lalawigan si G. Ongkiko para sa inspeksyon ng mga ARCP2.

Sa unang pagdalaw niya dito, ipinabatid niya na mahusay ang implementasyon ng ARCP2 sa Camarines Norte. Nakapuntos din ang PGCN sa pagiging pinaka-maagap at pinakamabilis sa pagsumite ng *disbursement report*. Nakita din nila ang *good financial management* sa ilalim ng pamamahala ng gobernador.

Sa katunayan, sa 12 tseke na ipinagkaloob kamakailan para sa pondo sa mga ARCP2 sa ibat-ibang probinsiya, 8 dito ay para sa Camarines Norte dahil madalas na nasa kanilang tanggapan si Gob. Tallado upang magsumite ng report at mag-*follow-up* ng pondo.

Si DAR Undersecretary Jose Z. Grageda, panauhing pandangal sa nasabing *ground breaking* ng APTC ay nagsabi din na si Gob. Tallado lang ang *local government unit* na nagtaya ng *counterpart* kung kaya ang Camarines Norte ang may pinakamaraming bilang ng proyekto. P458 milyon ang halaga ng ARCP2 sa Camarines Norte na 48 proyekto ang nakapaloob.

Sinabi naman ni G.

*(Sundan sa pahina 7)*

# Gov. Tallado, nanumpa sa LPP




Si DILG Secretary Mar Roxas (dulong kaliwa) habang pinapanumpa ang mga gobernador na nahalal sa 2013-2016 pamunuan ng League of Provinces of the Phil. Si Gob. Edgardo A. Tallado *(Ika-pito mula sa kaliwa)* ay isa sa mga Directors.